## APPLICATION

- Ano ang iyong natutunan tungkol sa kabanalan sa araling ito, at ano ang iyong gagawin tungkol dito ngayong linggo?
- Paano mo magagawang mamuhay nang may kabanalan sa bawat araw? Ano ang itinuturo sa iyo ng Diyos na dapat mong iwasan at paano mo ito gagawin?
- Paano mo mapapalalim ang iyong pagkakakilala sa Diyos? Anong bahagi ng iyong buhay ang kinakailangan pang isaayos ayon sa iyong pagkakaunawa sa Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kabanalan, pagiging mapagmahal, pagka-maawain, at kabaitan. Pasalamatan Siya sa pagbibigay sa iyo ng kabanalan sa pamamagitan ni Kristo. Ipanalangin na lalo mo pang makilala at mahalin ang Diyos sa bawat araw na lumilipas.
- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa iyo ng kakayanan na mamuhay nang may kabanalan. Ipanalangin na ikaw ay maging mapagtimpi, matuwid, at makadiyos araw-araw.
- Ipanalangin na ang iyong buhay ay maging isang halimbawa sa iyong pamilya at mga kaibigan, upang sila rin ay magbigay luwalhati sa Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga buhay.

VICTORY

© 2015 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph






# Ang Buhay na Banal

## NOTES

## WARM-UP

- Ano ang pumapasok sa iyong isipan sa tuwing maririnig mo ang salitang "banal"? Bakit ito ang iyong naiisip?
- Ano ang isang imposibleng pagsubok na iyong kinaharap. Paano mo ito napagtagumpayan?
- Ibahagi ang isa sa mga tradisyon ng inyong pamilya na iyong pinahahalagahan. Paano ninyo ito ginagawa? Ginagawa niyo pa rin ba ito sa kasalukuyan?

**WORD**

*[8]. . . sa tulong ng Diyos, makibahagi ka sa mga paghihirap dahil sa Magandang Balita. [9]Iniligtas at tinawag tayo ng Diyos para maging kanya, hindi dahil sa ating gawa kundi ayon sa layunin at biyaya na ibinigay sa atin ni Kristo Jesus bago pa nagsimula ang mundo.* **2 TIMOTEO 1:8,9**

---

Ang pagkamatay ni Jesus sa krus ay hindi lamang para sa ating kaligtasan. Nais rin Niya na tayo ay magkaroon ng buhay na nakalulugod sa Diyos. Tayo ay Kanyang tinawag sa banal na paglilingkod dahil hangad Niya na tayo ay magkaroon ng banal na pamumuhay. Alam natin na wala tayong kakayahan na mamuhay nang ganito. Dahil dito, tayo minsan ay nakukuntento na lamang sa pagtatangka na maging banal. Sa ating paghahangad na maging banal, maaaring tayo ay nagsisisi sa ating mga kasalanan linggo-linggo o sa loob ng isang linggo taon-taon. Subalit ang nais ng Diyos ay ang banal na pamumuhay para sa Kanya sa lahat ng araw sa buong taon, at alam Niya na hindi natin ito kakayanin. Dahil dito ay ipinadala Niya si Jesus upang tayo ay iligtas at mabigyan ng kakayanan na maging banal. Sa araling ito, ating aaralin ang tatlong katotohanan tungkol sa kabanalan.

## 1 Ang Diyos ay banal.

*. . . sinasabi ng Diyos sa kasulatan, "Magpakabanal kayo dahil banal ako.* **1 PEDRO 1:16**

Ang Diyos ay banal—walang kapintasan, walang bahid ng dumi, kasalanan, o pagkakamali. Ito ang Kanyang katauhan at ito ang nagbibigay kahulugan sa lahat ng Kanyang ginagawa. Ayon sa talatang ito, bakit natin kailangang maging banal? Paano naiiba ang makasalanang tao sa isang banal na Diyos?

## 2 Tayo ay ginawang banal ng Diyos.

*At dahil sinunod ni Jesu-Kristo ang kalooban ng Diyos, nilinis niya tayo sa mga kasalanan natin sa pamamagitan ng minsang paghahandog ng sarili niya.* **HEBREO 10:10**

Sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus sa krus, gumawa ang Diyos ng paraan upang tayo ay maging banal. Ang pagiging banal ay pagiging dalisay, malinis, at kawangis Niya. Hindi natin kailanman kakayaning maging banal sa pamamagitan ng ating sariling gawa o pagsusumikap. Tayo ay nagiging banal sa pamamagitan lamang ng sakripisyo ni Jesus sa krus. Ano ang kaibahan ng kabanalang ayon sa ating kultura at ng kabanalang ayon sa Diyos? Paano sinusubukan ng ilan sa atin na maging banal sa pamamagitan ng sariling kakayanan?

## 3 Binigyan tayo ng Diyos ng kakayanan na mamuhay nang may kabanalan.

*[11]Sapagkat ang biyaya ng Diyos na nagbibigay ng kaligtasan ay inihayag na sa lahat ng tao. [12]Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa mundong ito nang maayos, matuwid, at makadiyos.* **TITO 2:11,12**

Ang masaganang biyaya ng Diyos ang nagtuturo sa atin na umiwas sa kasalanan at mamuhay nang makadiyos. Bagamat hindi natin kailanman makakamit ang banal na pamantayan ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga sarili, tayo ay Kanyang tinuturuan at binibigyan ng kakayanan na talikuran ang kasamaan at mga makamundong pagnanasa. Dahil sa biyayang ito ng Diyos, maaari tayong mamuhay sa paraang nakalulugod sa Kanya. Sa iyong palagay, bakit ipinagdiinan ni Apostol Pablo na maaari tayong makaroon ng makadiyos na pamumuhay sa kasalukuyan?
Sa panahong ito, paano natin magagawang mamuhay para sa Diyos nang may kalinisan at kabanalan?